

## One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

# PAGHAHANDA PARA SA LINDOL TOKAI

東海地震に備えて（ワンポイント・アドバイス）～東海地震はなぜ起こる？～

Ang surface ng earth ay gawa sa kung ilang dosenang matitigas na plates na nakalatag na parang jigsaw puzzle. Hindi nakatigil ang mga plates na ito, kundi umiikot o gumagalaw sa paligid ng surface ng earth. Sa loob ng isang taon, gumagalaw o umaandar ang plates ng may 10 cm. Ang mga plates na ito ay nagbabanggaan at nagkakahadulanan din sa isa't- isa. Ang Japan ay nasa lugar ng mga boundary ng Pacific plates, Eurasian plates, Philippine plates at North America plates. Sa buong mundo, ang Japan ay isa sa may maraming nagaganap na lindol. Ang Shizuoka Prefecture ay nasa ilalim ng pambihirang lugar ng apat na plates.

Ang lindol ay nahahati ng dalawang uri:

Ang isa ay ang inland type earthquake (NAIRIKU KATA JISHIN) Ito ay lindol sa nagaganap sa lupa. Mayroong klase ng energy na posibleng mabaluktot ang mga plates na nagdudulot ng pagkadeform nito na nagiging resulta ng paghahati ng lupa.

Dahil sa movement ng mga plates (pagbabanggaan o pagdudulanan sa isa't-isa), nagdudulot ito ng malaking stress. Ang stress mula sa plate motion ay nabubuo sa rocks hanggang sa ma-break ito. Sa surface ng earth ay nagkakaroon ng break gaya ng fault o fracture tulad ng pagkakahati ng lupa. Kapag nagka-break, ang stress ay nari-released gaya ng seismic waves na nagta-travel sa earth.

Ang isa pang uri ay ang oceanic type earthquake (KAIYOU GATA JISHIN). Ito ay lindol na nagaganap sa ilalim ng dagat.

Ang Japan ay nakasakay o nasa ibabaw ng Eurasian plate at North America plate, samantalang nag-ooverlapped naman sa mga plates na ito ang dulo o boundary ng Pacific plates at Philippine plates na taon-taon ay unti-unting lumulubog. Kapag dumating na ang panahong bumigay o bumalik sa puwesto ang mga nadadaganang plates ay tiyak na may malaking lindol na magaganap.

Paulit-ulit na nagaganap ang lindol sa Pacific coast ng Japanese archipelago dahil sa mga nagdudulasang plates sa ilalim nito. Ang lindol ay posibleng paulit-ulit na magaganap sa parehong lugar na may parehong magnitude sa loob ng 100-150 taon.

Pinaniniwalaang ang Tokai Earthquake ay magaganap sa Suruga Bay kung saan nasa ilalim ito ng Philippine plate at Eurasian plate.

Mula noong taong 1854, ay di pa muling umuulit ang lindol sa area ng Suruga Bay. Pinaniniwalaang ang energy ng lindol ay kasalukuyang binubuo sa area na ito kaya't inaasahan na maaaring magkaroon ng malaking lindol sa malapit na panahon.